MISSALETTE

15 NOBYEMBRE 2026 • IKA-33 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON • TAON A



"MAGALING, MABUTI AT TAPAT NA LINGKOD!"

Ngayong Ika-33 Linggo sa Karaniwang Panahon, tayo'y nagtitipon nang may pasasalamat sa hapag ng Panginoon. Sa Mabuting Balita, ipinaaalala ni Hesus na ang bawat isa sa atin ay pinagkalooban ng mga biyaya at kakayahang dapat gamitin sa mabunga at tapat na paglilingkod. Nawa'y palakasin tayo ng Eukaristiyang ito na gamitin ang ating mga kaloob sa paglilingkod sa Diyos at sa ating kapwa, upang maging tunay na pagpapala sa iba.

PASIMULA

PAMBUNGAD

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sinabi ng Poong banal,
pag-asa't kapayapaan
ang nais kong inyong kamtan.
Kayo'y aking pakikinggan
at bibigyang-kalayaan.
(Jer 29, 11.12.14)

PAGBATI

P – Biyaya at kapayapaan buhat sa Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat.
B – **At sumaiyo rin.**

PAGSISISI

P – Tulad ng mga lingkod sa Mabuting Balita, pinagkatiwalaan tayo ng Panginoon ng mga kaloob na dapat gamitin para sa ating kabutihan at sa kapwa. Sa simula ng Eukaristiya, mapagpakumbaba nating hingin ang Kanyang kapatawaran dahil sa hindi natin paggamit nang wasto ang mga kaloob na ito. (Sandaling katahimikan)

P – Sa mga pagkakataong ginamit natin nang makasarili at iresponsable ang mga kakayahang ipinagkaloob sa atin ng Diyos, Panginoon, kaawaan mo kami.
B – **Panginoon, kaawaan mo kami**.

P – Sa mga pagkakataong ginamit natin ang ating talino upang palalain ang ating kapalaluan at bumuo ng masasamang balak, Kristo, kaawaan mo kami.
B – **Kristo, kaawaan mo kami.**

P – Sa mga pagkakataong naging mapang-angkin tayo sa pagpapahayag ng ating pagmamahal at damdamin, na nagdulot ng sakit sa kalooban o pinsalang moral sa iba, Panginoon, kaawaan mo kami.
B – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B – **Amen.**

This issue of Missalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

PAPURI

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong
kinalulugdan niya.
Pinupuri ka namin,
dinarangal ka namin,
sinasamba ka namin,
ipinagbubunyi ka namin,
pinasasalamatan ka namin
dahil sa dakila mong angking kapurihan.
Panginoong Diyos, Hari ng langit,
Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,
Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos,
Anak ng Ama.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan
ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan
ng sanlibutan,
tanggapin mo ang aming kahilingan.
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,
maawa ka sa amin.
Sapagka't ikaw lamang ang banal,
ikaw lamang ang Panginoon,
ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,
kasama ng Espiritu Santo
sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

PANALANGING PAMBUNGAD

P –Ama naming makapangyarihan,
ipagkaloob mong lagi naming ikaligayang
ikaw ay paglingkuran
sapagkat walang maliw at walang kahulilip
ang kasiyahan
kapag sumasamba kami
sa iyong kapangyarihang
nagpapairal sa tanang sanlibutan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
B – Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa — Kaw 31, 10-13.19-20.30-31

Pagbasa mula sa aklat ng Mga Kawikaan

Mahirap makakita ng mabuting asawa,
higit sa mamahaling alahas ang kanyang
halaga.
Lubos ang tiwala ng kanyang asawa,
at saganang pakinabang ang
makakamit niya.
Pinaglilingkuran niya ang kanyang asawa
habang sila'y nabubuhay, pawang kabutihan
ang ginagawa at di kasamaan.
Wala siyang tigil sa paggawa, hindi na
halos nagpapahinga, humahabi ng kanyang
lino at saka ng lana.
Siya'y gumagawa ng mga sinulid
at humahabi ng sariling damit.
Matulungin siya sa mahirap
at sa nangangailangan ay bukas ang palad.
Magdaraya ang pang-akit at kumukupas
ang ganda ngunit ang babaing may takot
sa Panginoon ay pupurihin ng balana.
Ibunton sa kanya ang lahat ng parangal,
karapat-dapat siya sa papuri ng bayan.

Ito ang Salita ng Diyos.
B – Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan — Sal 127, 1-2. 3. 4-5

B – Mapalad ang sumusunod
na taong may takot sa D'yos.

R. M. Velez

* Mapalad ang bawat tao na sa Diyos
ay may takot,
Ang maalab na adhika'y sumunod
sa kanyang utos.
Hindi siya magkukulang sa anumang
kailangan,
Ang buhay ay maligaya't uunlad
ang kanyang buhay. **B.**

* Sa tahanan, ang asawa'y parang ubas
na mabunga.
Bagong tanim na olibo sa may dulang
ang anak n'ya. **B.**

* Ang sinuman kung ang Diyos
buong pusong susundin,
Buhay niya ay uunlad at laging pagpapalain.
Mula sa Sion, pagpapala nawa ng Diyos
ay tanggapin,
At makita habang buhay, pag-unlad
ng Jerusalem. **B.**

Ikalawang Pagbasa — 1 Tes 5:1-6

Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol
San Pablo sa mga taga-Tesalonica

Mga kapatid:
Hindi na kailangang isulat ko pa sa inyo kung kailan magaganap ang mga bagay na ito, sapagkat alam na ninyong ang pagdating ng Araw ng Panginoon ay tulad sa pagdating ng magnanakaw. Kapag sinasabi ng mga tao, "Tiwasay at panatag ang lahat," biglang darating ang kapahamakan. Hindi sila makaiiwas sapagkat ang pagdating nito'y tulad ng pagsumpong ng pagdaramdam ng babaing manganganak.
Ngunit hindi kayo nabubuhay sa kadiliman, mga kapatid, kaya't hindi kayo mabibigla sa araw na yaon na darating na parang magnanakaw. Kayong lahat ay kabilang sa panig ng kaliwanagan—sa panig ng araw—hindi sa panig ng kadiliman o ng gabi.
Kaya nga, kailangang tayo'y manatiling gising, laging handa, at malinaw ang isip—di tulad ng iba.

Ang Salita ng Diyos.
B – Salamat sa Diyos.

Aleluya — Jn 15, 4a.5b

B – Aleluya! Aleluya!
Sa Poon ay manatili
siya'y sa atin lalagi,
mamungang maluwalhati.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita — Mt 25, 14-30

P – Sumainyo ang Panginoon.
B – **At sumaiyo rin.**
P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B – **Papuri sa iyo, Panginoon.**

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad ang talinghagang ito: "Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad dito: May isang taong maglalakbay, kaya tinawag niya ang kanyang mga alipin at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang ari-arian. Binigyan niya ng salapi ang bawat isa ayon sa kanya-kanyang kakayahan: binigyan niya ang isa ng limanlibong piso, ang isa nama'y dalawanlibong piso, at ang isa pa'y sanlibong piso. Pagkatapos, siya'y umalis. Humayo agad ang tumanggap ng limanlibong piso at ipinangalakal iyon. At nagtubo siya ng limanlibong piso. Gayon din naman, ang tumanggap ng dalawang libong piso ay nagtubo ng dalawang libong piso. Ngunit ang tumanggap ng isang libong piso ay humukay sa lupa at itinago ang salapi ng kanyang panginoon.
Pagkaraan ng mahabang panahon, bumalik ang panginoon ng mga aliping iyon at pinapagsulit sila. Lumapit ang tumanggap ng limanlibong piso. Wika niya: 'Panginoon, heto po ang limanlibong piso na bigay ninyo sa akin. Heto pa po ang limanlibong piso na tinubo ko.' Sinabi sa kanya ng panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting alipin! Yamang naging tapat ka sa kaunting halaga, pamamahalain kita sa malaking halaga. Makihati ka sa aking kagalakan!' Lumapit din ang tumanggap ng dalawang libong piso, at ang sabi, 'Panginoon, heto po ang ibinigay ninyong dalawang libong piso. Heto naman po ang dalawang libong piso tinubo ko.' Sinabi ng kanyang panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting alipin! Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya pamamahalain kita sa malaking halaga. Makihati ka sa aking kagalakan!' At lumapit naman ang tumanggap ng isang libong piso. 'Alam ko pong kayo'y mahigpit,' aniya. 'Gumagapas kayo sa hindi ninyo tinamnan, at nag-aani sa hindi ninyo hinasikan. Natakot po ako, kaya't ibinaon ko sa lupa ang inyong salapi. Heto na po ang isang libong piso ninyo.' 'Masama at tamad na alipin!' tugon ng kanyang panginoon. 'Alam mo palang gumagapas ako sa hindi ko tinamnan at nag-aani sa hindi ko hinasikan! Bakit hindi mo iyan inilagak sa bangko, di sana'y may nakuha akong tubo ngayon? Kunin ninyo sa kanya ang isang libong piso at ibigay sa may sampung libo. Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at mananagana; ngunit ang wala, kahit ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa. Itapon ninyo sa kadiliman sa labas ang aliping walang kabuluhan. Doo'y tatangis siya at magngangalit ang kanyang ngipin.' "

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.
B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

HOMILIYA

SUMASAMPALATAYA

B – Sumasampalataya ako
sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,
na may gawa ng langit at lupa.
Sumasampalataya ako kay Hesukristo,
iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.

Nagkatawang-tao siya
lalang ng Espiritu Santo,
ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.
Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,
ipinako sa krus, namatay, inilibing.
Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.
Nang may ikatlong araw
nabuhay na mag-uli.
Umakyat sa langit.
Naluluklok sa kanan
ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Doon magmumulang paririto
at huhukom sa nangabubuhay
at nangamatay na tao.
Sumasampalataya naman ako
sa Diyos Espiritu Santo,
sa banal na Simbahang Katolika,
sa kasamahan ng mga banal,
sa kapatawaran ng mga kasalanan,
sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao
at sa buhay na walang hanggan. Amen.

PANALANGIN NG BAYAN

P –Mga kapatid, buong pananampalataya
at pagtitiwala nating iharap sa Ama ang ating
mga panalangin sa pamamagitan ng ating
Panginoong Hesukristo, habang hinihintay
natin ang Kanyang maluwalhating pagbabalik.
Manalangin tayo:

B –**Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.**

* Para sa Simbahan: nawa'y buong
katapatang ipahayag Niya ang Kaharian
ng Diyos at gamitin ang Kanyang mga kaloob
sa paglilingkod sa Bayan ng Diyos.
Manalangin tayo: **B.**

* Para sa ating mga pinuno at mga
pinagkatiwalaan ng yaman at kaalaman: nawa'y
gamitin nila ang mga ito nang may karunungan
para sa kapakanan ng mga mahihirap
at nangangailangan. Manalangin tayo: **B.**

* Para sa mga kabataan: nawa'y huwag
silang maakit sa mga pagpapahalaga
ng mundo, at matagpuan sa Diyos
at sa Simbahan ang tunay na kagalakan
at layunin ng buhay. Manalangin tayo: **B.**

* Para sa ating lahat: Nawa'y tapat nating
paunlarin at gamitin ang mga kaloob
na ipinagkatiwala sa atin ng Diyos
para sa ikabubuti ng Simbahan at ng ating
pamayanan. Manalangin tayo: **B.**

P –Ama naming mahabagin, ang lahat
ng mayroon kami ay Iyong kaloob. Bigyan Mo
kami ng biyayang gamitin ang mga ito
nang tapat para sa Iyong Kaharian,
upang sa pagbabalik ng Iyong Anak, matagpuan
Niya kaming handa at mabunga sa paglilingkod.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
B –**Amen.**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P –Manalangin kayo . . .
B –**Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

P –Ama naming Lumikha,
ipagkaloob mo ang iyong masintahing pagtingin
sa aming mga alay
upang ang kagandahang-loob
mo ay aming makamtam
at ang bunga ng walang hanggang pag-iral
ay aming mapakinabangan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
B –**Amen.**

PREPASYO IV

P –Sumainyo ang Panginoon.
B –**At sumaiyo rin.**
P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
B –**Itinaas na namin sa Panginoon.**
P –Pasalamatan natin ang Panginoong
ating Diyos.
B –**Marapat na siya ay pasalamatan.**
P –Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan
sa pamamagitan ni Hesukristo
na aming Panginoon.
Siya ay naging kapwa naming maaasahan
upang may mangunang umako sa pananagutan
dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang
pagkakanya-kanya ng sangkatauhan.
Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig
at ang kamatayan ay kanyang nalupig
kaya't siya ang aming Daan para aming masapit
ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo
Panginoong Diyos
ng mga hukbo!
Napupuno ang langit at lupa
ng kadakilaan mo!
Osana sa kaitaasan!
Pinagpala ang naparirito
sa ngalan ng Panginoon!
Osana sa kaitaasan!

PAGBUBUNYI

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

B – Ama namin . . .
P – Hinihiling namin . . .
B – Sapagkat iyo ang kaharian
at ang kapangyarihan at ang kapurihan
magpakailanman. Amen.

PAANYAYA SA KAPAYAPAAN
PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

B – Kordero ng Diyos na nag-aalis
ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin. (2×)
Kordero ng Diyos na nag-aalis
ng mga kasalanan ng sanlibutan,
ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

PAANYAYA SA PAKIKINABANG

P – Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos
na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan.
Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat
na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita
mo lamang ay gagaling na ako.

ANTIPONA NG PAKIKINABANG

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa sarili'y hangarin ko
sa piling ng D'yos madako
at panatag ngang totoo
ang aking pag-asang
ito na siya'y di maglililo. *(Sal 73, 28)*

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

P – Ama naming mapagmahal,
sa pinagsaluhan naming banal na pakikinabang
ang amin nawang pag-ibig
ay lalong madagdagan
ng ginawa namin sa pag-alala sa Anak
mong mahal
na nag-utos ipagdiwang ang Huling Hapunan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
B – Amen.

PAGWAWAKAS

P – Sumainyo ang Panginoon.
B – At sumaiyo rin.

P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang
Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
B – Amen.

P – Humayo kayo sa kapayapaan at maging
kasangkapan kayo ng pag-ibig ng Diyos
para sa lahat.
B – Salamat sa Diyos.



Get your special **2027 Mini Desk Calendar**

Now available at:

Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021
https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Marketing:*** M. Rodriguez, J. Manzano • ***Circulation:*** R. Saldua